TAPP-C

Ang Programang Pagsawata ng Panununog para sa mga Bata (The Arson Prevention Program for Children)

Kung inyong pinaghihinalaan o nalalaman na kasangkot ang inyong anak sa isang fire play o panununog, kung gayon, *kayo ay hindi nag-iisa*. Maaaring mapanganib ang fire play at sa katotohanan, ito ay isang pangunahing sanhi ng kamatayan sa mga bata sa tahanan.

Ang tulong ay nakalaan.

Ang komite ng TAPP-C ng Peel ay nakatuon sa paglupig ng hindi tamang pagkakasangkot sa sunog ng mga bata at mga kabataan sa ating komunidad.

Ang programang TAPP-C ay pinagsasama ang mga propesyonal sa serbisyong pang-bumbero at ang mga propesyonal sa pagpapayo upang matulungan ang bata at ang pamilya na panghawakan ang problema ng pagkakasangkot sa sunog.

Ang mga propesyonal sa serbisyong pang-bumbero ay tumutulong sa pamilya at anak na makapagbuo ng mga pagsasanay para sa kaligtasan mula sa sunog. Ang mga propesyonal sa pagpapayo ay tatasahin ang bata upang malaman ang panganib ng patuloy na pagkakasangkot sa sunog. Ang programang ito ay nakalaan para sa mga bata na ang edad ay 2-17 at walang bayad.

Ang programang TAPP-C ay binubuo ng dalawang parte:

1. **Edukasyon tungkol sa sunog (Fire education)**
2. **Pagtatasa at mga Rekomendasyon.**

Ang bahagi ng edukasyon tungkol sa sunog ay nagsisimula sa isang pagbisita sa bahay ng isang propesyonal sa serbisyong pang-bumbero. Sa panahon ng pagbisitang ito, ang isang pag-inspeksyon para sa kaligtasan mula sa sunog ay isasagawa, pagkatapos ay susundan ng isang bahaging pang-edukasyonal.

Ang bahagi ng pagtatasa at mga rekomendasyon ay kinasasangkutan ng propesyonal na mga tagapayo na nakikipanayam sa (mga) magulang at sa bata upang malaman pang mabuti ang maaaring panganib ng panununog na pag-uugali at upang magkaloob ng mga rekomendasyon para sa susunod na mga hakbangin; ito ay maaaring kinabibilangan ng pagpapayo o iba pang mga serbisyo upang matulungan ang mga pamilya na panghawakan ang mga pagsubok na maaaring kanilang kinakaharap.

Mga Malalapitan:

Kung ang inyong anak ay nasangkot sa isang fire play o panununog, lumapit sa **Sentro para sa mga Bata sa Peel (Peel Children's Centre, PCC). 905-451-4655**

Para sa mga karadagdang impormasyon tungkol sa TAPP-C Lumapit sa inyong lokal na serbisyong pang-bumbero:

Brampton

Mga Serbisyong Pang-bumbero at Pang-emerhensya (Fire and Emergency Services) 905-458-5580

Caledon

Mga Serbisyong Pang-bumbero at Pang-emerhensya (Fire and Emergency Services) 905-584-2272 ext. 4303

Mississauga

Mga Serbisyong Pang-bumbero at Pang-emerhensya (Fire and Emergency Services) 905-896-5908

Cover Photo Credit: Leanne Stoddart